# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Talâ: salitang maylapi - *a word with an affix*, pangungusap - *sentence*

Pangalan ______________________________ Petsa ________________ Marka $\frac{\quad}{20}$

## Pagkilala sa salitang maylapi

*Panuto:* Salungguhitan ang mga salitang maylapi sa bawat pangungusap.

1. Tinahi ni Ate Emily ang damit ko na pambahay.
2. Sinu-sino sa mga kaklase mo ang mga kaibigan mo?
3. Alam mo ba kung saan ang tanggapan na pinasukan ni Jose?
4. Pakisabi kay Mang Ron na diligan ang mga rosas sa halamanan.
5. Nakabili si Aling Trining ng tela na maganda pero napakamura.
6. Humingi ng payo at tulong ang mag-anak sa kapitan ng barangay.
7. Ang matapat at maaasahan na kandidato ang iboto mo sa eleksiyon.
8. Marami sa mga bata rito ang hindi makapag-aral dahil sa kahirapan.
9. Napansin mo ba na kasinghaba ng tren ang pila sa labas ng sinehan?
10. Pakainin natin ang aso at pusa pagkatapos natin magluto ng almusal.
11. Kailangan natin magsikap upang matupad ang ating mga pinapangarap.
12. Pagbutihin mo ang pagsulat ng sanaysay dahil mahalaga ang paksa nito.
13. Alagaan natin ang mga kagubatan para sa kinabukasan ng mga kabataan.
14. Anu-ano ang mga kaugalian at kaisipan ang dapat tularan ng isang mag-aaral?
15. Magbaon kayo ng sapat na pagkain at pera para hindi kayo magutom sa biyahe.
16. Gisingin mo na ang mga kapatid mo at baka mahuli kayo sa pagpasok sa paaralan.
17. Huwag mo kalimutan na ibalik ang mga aklat na hiniram mo mula sa silid-aklatan.
18. Pumili ka ng kurso batay sa interes at kakayahan mo, hindi sa kung ano ang uso.
19. Dalhin na natin sa pinakamalapit na ospital si Mia dahil malubha na ang sakit niya.
20. Tinawagan ko si Lola Corazon para kumustahin at batiin siya dahil kaarawan niya ngayon.